# Pagbabalik-tanaw sa Diliman Commune

**Mong Palatino**

Kapag may nakakausap akong beterano ng First Quarter Storm, ang una kong itinatanong ay kung naging bahagi ba siya ng makasaysayang Diliman Commune noong 1971. Sa tingin ko'y hindi pa ito nahihigitan kung ang pag-uusapan ay ang militansya ng mga kabataan. Sa katunayan, nananatili itong inspirasyon ng mga aktibista sa pagsusulong ng mga mapangahas na aksyon sa mga eskuwelahan.

Sariwain natin ang mga nangyari sa loob ng kampus ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman noong unang linggo ng Pebrero 1971, nang tinangkang tumbasan ng mga UP "communards" ang ginawa ng mga manggagawa sa Paris noong 1871.

Pamana ng FQS ang malalimang pagsuporta ng mga kabataan sa laban ng ibang mga sektor ng lipunan. Kaya bilang pakikiisa sa welga ng mga drayber ng jeepney noong Enero 11, 1971 dahil sa pagtaas ng presyo ng langis, nagtayo ang mahigit tatlong daang mag-aaral ng UP ng isang human barricade sa University Avenue upang pigilan ang pagpasok ng mga sasakyan sa kampus. Naging matagumpay ang aksyong ito, at inulit noong Pebrero 1 nang magpasya ang mga unyon ng mga drayber na ipagpatuloy ang kanilang welga.

Mas maraming mag-aaral ang lumahok sa naturang barikada. Naglagay din ng blockade sa Katipunan gate ng UP. Isang propesor ng Matematika, si Propesor Inocente Campos, kilalang kaaway ng mga aktibista, ang nagpilit na ipasok ang kanyang sasakyan. Napahinto lamang siya nang may pillbox na ibinato sa direksyong pupuntahan ng kanyang kotse. Bilang reaksyon ay isinuot niya ang kanyang vest, kinuha ang kanyang baril at pinaputukan ang mga mag-aaral. Tinamaan at namatay agad ang estudyanteng si Pastor Mesina Jr.

Sinunog ng mga estudyante ang kotse ni Campos. Inaresto ang huli ng UP Security Force at dinala sa Quezon City Police Department. Ibinaling ng mga estudyante ang kanilang galit kay Presidente Salvador Lopez at sinugod nila ang Quezon Hall.

Bandang alas-kuwatro ng hapon nang sumugod ang pulis at Metrocom sa UP. Binuwag nila ang barikada at hinuli ang mahigit labing-walong estudyante.

Mula sa panahong ito ay hindi na pagtaas ng presyo ng langis ang isyu kundi ang panghihimasok ng militar sa loob ng kampus.

Hindi nagpadala sa takot ang mga estudyante at nagtayo pa sila ng mas malaki at maraming barikada sa harapan ng kampus kinabukasan. Marahas na tinangkang buwagin ng Metrocom ang barikada. Nagsimula ang karahasan at kaguluhan. Umatras ang mga estudyante sa Palma Hall habang tinutugis sila ng mga pulis. Naglagay sila ng mga upuan, mesa at bulletin board sa paligid ng gusali upang hindi makapasok ang militar. Ang mga kalalakihan ay nagtago sa dormitoryo ng mga babae (Sampaguita at Kamia Residence Halls) pero hinabol pa rin sila ng mga pulis na may dalang mga tear gas cannister at nakasuot ng gas mask. Mahigit 50 estudyante ang nahuli.

Isang pagpupulong ng buong komunidad ng UP ang ipinatawag ni Presidente Lopez sa harapan ng Palma Hall kinabukasan. Nagdesisyon ang asembleya na ituloy ang barikada bilang manipestasyon ng oposisyon sa panghihimasok ng militar sa malayang kampus ng UP. Sumugod ulit ang mga pulis sa UP subalit umatras din sila pagkatapos ng negosasyon. Inutos din ni Pangulong Ferdinand Marcos ang pagkalas ng militar sa kampus basta't ang administrasyon ng UP ang aako ng responsibilidad sa sitwasyon.

Nagpatuloy ang Diliman Commune mula ikaapat hanggang ika-siyam ng Pebrero. Nagkaroon ng sistematisasyon ng mga gawain sa loob ng pinalayang Republika ng Diliman. Malawakang teach-in at pulong masa ang isinagawa araw-araw sa hanay ng barikada. Gumamit ang mga estudyante ng mga bocaue rocket at kwitis sa ibabaw ng Main Library para itaboy ang mga helicopter ng militar. Pinasok ang Chemistry department, laboratoryo, at store room para sa mga kemikal at glassware na kailangan sa paggawa ng mga molotov cocktail at pillbox. Ang Presidente ng UP Women's Club at Kamia Residence Hall Student Organization Body ang nanguna sa food committee. May libreng pagkain para sa lahat ng kalahok ng Commune.

"Pinalaya" ng mga estudyante ang maraming gusali sa kampus. Nilagyan nila ito ng pulang bandila at binigyan ng bagong pangalan. Ang Faculty Center ay naging Sison Hall. Ang Palma Hall ay tinawag na Dante Hall, at ang Gonzales Hall ay kinilala bilang Amado Guerrero Hall. Nakuha rin ng mga mag-aaral ang radyo DZUP. Pinapatugtog nila tuwing umaga ang International at susundan ito ng "Dovie Beams" recording. Laman ng tape recording na ito ang boses ng dalawang taong nagtatalik; hinihinala ng marami na ang kasiping ng Amerikanang aktres ay walang iba kundi si Pangulong Marcos.

Naging bahagi din ng Commune ang UP Press. Naglabas ito ng maraming isyu ng Bandilang Pula. Sa huling araw ng barikada ay binuhusan ng mga mag-aaral ang Oblation ng pulang pintura. Pagkatapos ng ilang araw, kusang inalis ng mga mag-aaral ang barikada. May ilang komentarista ang nagsabing nabigo ang Commune dahil dahil walang nakuhang suporta ang mga aktibista mula

sa akademya. Ito ay hindi totoo. Sa katunayan, kaagapay ng mga mag-aaral ang kanilang mga guro at empleyado ng pamantasan.

Iniurong ang barikada dahil kinilala ng mga aktibista na kahit malaya na ang UP, nananatiling bihag ng lumang sistema ang buong lipunan. Pinagkaisahan ng mga mag-aaral na ang paglaya ng sambayanan ang dapat nilang pagtuunan ng pansin bago ang paglaya ng eskuwelahan. Marami sa mga graduate ng commune ang namuno sa iba't ibang porma ng pakikibaka laban sa diktaturang Marcos. Marami rin ang naging lider ng rebolusyonaryong kilusan pagkatapos ng deklarasyon ng batas militar.

Niyanig ng Diliman Commune ang buong bansa. Naging dress rehearsal ito para sa mga aksyong boykot sa mga eskuwelahan sa mga sumunod na taon.

Dito muling napatunayan ang radikal na katangian ng mga mag-aaral ng UP. Sinubukan itong pantayan ng mga estudyante noong dekada otsenta at nobenta subalit hindi nila ito nakamit nang buong-buo. Kahit ang matapang at mapangahas na pagkilos ng UP sa dalawang EDSA ay hindi kayang tumbasan ang rurok ng militansya ng Diliman Commune.

Nananatiling buhay ang diwa ng Diliman Commune. Malaki ang papel ng kabataan para tumulong sa pagpapalaya ng sambayanan. Nag-umpisa ang Commune sa pakikiisa ng mga mag-aaral sa mga nagwewelgang drayber at natapos ito nang magpasya ang mga aktibista na dapat unahin ang pagpapalaya ng lipunan. Ito ang rebolusyonaryong aral ng Diliman Commune.

Sa tuwing nakakausap ko ang mga beterano ng Diliman Commune ay lumalaki ang aking tiwala sa kakayahan ng mga kabataan. Nagawa nila ito sa kabila ng pasistang banta ng estado at napalaya ang isang pamantasang pinagmumulan ng mga reaksyonaryo at burges na ideya.